TOMO 11 BILANG 12 | ISSN NO. 2599-5405 | DISYEMBRE 2024

LIBRE 'TO!

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

Kuwentong Tagumpay Page 2

Bukas para sa Lahat (CARD Indogrosir) Page 3

FROM THE MARGINS — Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Page 4



## MOA SIGNING: CARD CLINICS AT MI HEALTHCARE NAGKAISA PARA SA ABOT-KAYANG PANGANGALAGA SA KALUSUGAN

ni Josephine Ramos




*Opisyal na nilagdaan nina Dr. Roderick Belen (kaliwa), Presidente ng CARD Clinics and Allied Services (CCAS), at Rosita R. Abanito (kanan), Officer in Charge ng MI Healthcare, ang isang Memorandum of Agreement (MOA) na naglalayong maghatid ng dekalidad at abot-kayang serbisyong pangkalusugan sa mga Pilipino.*

Pormal na nilagdaan ng CCAS at MI Healthcare, Inc. ang isang Memorandum of Agreement (MOA) noong Nobyembre 14, 2024, sa CARD MRI *Head Office* na naglalayong maghatid ng abot-kaya at dekalidad na serbisyong medikal upang mapabuti ang kalusugan ng komunidad.

"Layunin ng inisyatibong ito na magbigay ng serbisyong pangkalusugan sa mga Pilipinong higit na nangangailangan at makapaghatid ng positibong pagbabago sa kanilang buhay," ani Dr. Roderick Belen, Presidente ng CCAS.

Pinalalakas ng *partnership* na ito ang ugnayan ng CCAS at MI Healthcare upang mas maraming kliyente, lalo na ang mga mula sa mahihirap na sektor, ang magkaroon ng akses sa mga pangunahing serbisyong pangkalusugan.

Bilang bahagi ng *partnership*, inilunsad ang MI Care, isang bagong *insurance product* na eksklusibo para sa mga kliyente ng CARD MRI. Maaaring makuha ito sa pamamagitan ng *loan* at may kasamang diskwento para sa mga *senior citizen, persons with disabilities,* at iba pang kwalipikadong sektor.

**Paano nagsimula ang produkto**

Ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA), walo sa 10 Pilipino ang nahihirapang makakuha ng sapat na pangangalagang pangkalusugan, na may gastusing umaabot sa PHP 10,000 hanggang PHP 15,000. Ang pananaw na ito ang nagbigay inspirasyon sa CARD MRI at Pioneer Insurance Group na bumuo ng MI Healthcare product, na naglalayong gawing mas abot-kamay para sa mga Pilipino ang serbisyong pangkalusugan na mahalaga sa kanilang pangangailangan.

Sa paglulunsad ng MI Care *insurance product*, magkakaroon ito ng taunang *membership fee* na PHP 2,300. Kabilang sa mga benepisyo nito ang PHP 10,000 para sa *inpatient*, PHP 5,000 para sa *outpatient*, PHP 15,000 para sa *emergency*, PHP 10,000 para sa *surgical*, at PHP 2,500 para sa *maternity*.

Dumalo sa paglagda ng MOA sina CCAS President Dr. Roderick Belen, MI Healthcare Inc. Officer-in-Charge Rosita R. Abanto, at iba pang mga pangunahing opisyal mula sa kanilang mga organisasyon.

Ang CCAS ay ang *healthcare arm* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), na naglalayong magbigay ng dekalidad na serbisyong pangkalusugan sa mga kliyente. Upang matugunan ang pangangailangan ng mga komunidad, nag-oorganisa sila ng *Community Health Day* na naghahatid ng medikal na serbisyo sa iba't ibang bahagi sa Pilipinas. Bukod dito, mayroon din itong "CARD E-Doctor" na nagbibigay ng

P2

## CARD MRI, NAGLUNSAD NG RESPONSE PARA SA MGA NASALANTA NG KALAMIDAD

ni Harlene Joy Reyes



*Sama-samang nagkaisa ang mga kawani ng CARD MRI sa paghahanda ng relief goods na naglalaman ng pagkain, damit, at iba pang mahahalagang kagamitan upang matugunan ang pangangailangan ng mga kliyenteng naapektuhan ng nagdaang kalamidad.*

Nagsagawa ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ng *disaster response program* nito upang tugunan ang pangangailangan ng mga kliyenteng naapektuhan ng sunod-sunod na kalamidad.

Sa gitna ng mga sakuna, nananatiling matatag ang CARD MRI sa layunin

P2

## SINEMAYA 2024: PAGKILALA SA MGA NATATANGING PELIKULA AT PAGPAPAKITA NG MGA KWENTONG TAGUMPAY SA SOUTHEAST ASIA

ni Edrian Banania



*Binigyang parangal ang 16 na finalists ng SineMaya 2024 sa isang awarding ceremony sa SM City Sto. Tomas, Batangas noong Disyembre 15, 2024. Dinaluhan ito ng 115 katao, kabilang ang mga finalists, kawani, at pamunuan ng CARD MRI.*


Noong Disyembre 15, 2024, ipinagdiwang ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang tagumpay ng ikatlong taon ng SineMaya, ang kauna-unahang *community film festival* sa Pilipinas na naglalayong ipakita ang mga kwento ng mga kliyente ng *microfinance*. Ginanap ang *awarding ceremony* sa Cinema 3, SM City Sto. Tomas, Batangas, kung saan pinarangalan ang 16 na mga pelikula mula sa iba't ibang *microfinance institutions* at *social development organizations* mula sa *Southeast Asia*.

Sa temang "A Glimpse of Chín Muôi: Harvesting Dreams and Success Together with Social Development Organizations," na isinalin sa Filipino bilang "Pagsulyap sa Karilagan

P2

### KOA-PINYON:

Mahalaga sa isang pamilya ang magandang kalusugan-ito ang nagbibigay ng lakas at pag-asa sa magandang kinabukasan. Kaya't napakahalagang mabigyan ng akses sa mga health programs ang mga pamilya lalo na ang mga higit na nangangailangan upang matiyak na lahat ay may pagkakataong alagaan ang kanilang kalusugan at magkaroon ng mas maayos na buhay.



# MOA SIGNING: CARD ... P1

libreng *online consultation* upang mas mapadali at mas mapalawak ang akses ng mga kliyente sa pangangalagang pangkalusugan.

Samantala, ang MI Healthcare, isang *health maintenance organization* (HMO), ay naglalayong magbigay ng tamang pangangalagang pangkalusugan sa mga Pilipinong walang akses sa tradisyunal na serbisyo. Nag-aalok ito ng mga solusyong nakabatay sa natural na pamamaraan, tulad ng *personalized nutrition and lifestyle change programs,* gamit ang *naturopathy* at *integrated functional medicine approach.*

Inaasahang magiging *available* ang MI Care sa sandaling makuha ang sertipikasyon mula sa Insurance Commission.

Matatagpuan ang CCAS sa City Subdivision, San Pablo City, Laguna, habang ang MI Healthcare ay nasa Paseo De Roxas, Legazpi Village, Makati City.

## CARD MRI, NAGLUNSAD ... P1

nitong suportahan ang mga pamilyang nangangailangan. Sa tulong ng 29 na institusyong bahagi nito, kabilang ang mga bangko at iba pang *social development organizations,* mabilis itong kumikilos upang maibsan ang epekto ng kalamidad sa kanilang mga kliyente.

Kamakailan, sa pananalasa ng bagyong Kristine at Leo, agad na kumilos ang CARD MRI para tulungan ang mga lubos na naapektuhan. Sa ilalim ng CARD Disaster Relief Assistance Program (CDRAP), mabilis na naihatid ang kinakailangang tulong sa mga nasalanta.

Namahagi ang CARD MRI ng *relief goods,* kabilang ang pagkain, damit, at iba pang mahahalagang kagamitan. Maingat na inihanda ang mga ito upang matiyak na sapat at angkop ang tulong para sa mga pangangailangan ng mga naapektuhan.

Bukod sa agarang tulong, patuloy ring sinusubaybayan ng CARD MRI ang kalagayan ng kanilang mga kliyente sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga *unit office.* Layunin nitong agad maipaabot ang karagdagang suporta tulad ng *loan assistance* at iba pang pangkabuhayan upang matulungan ang mga ito na muling makabangon.

Ang mabilis na pagtugon ng CARD MRI ay patunay ng kanilang walang patid na pangakong magsilbi sa mga mahihirap, lalo na sa panahon ng krisis.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang opisyal na *website* nito sa cardmri.com o i-follow ang Facebook *page* nito sa CARDMRIOfficial.

## SINEMAYA 2024: PAGKILALA ... P1



ng Pagbabago: Mga Bunga ng Pangarap at Tagumpay sa Tulong ng Social Development Organizations," binigyang-diin ang mga kwento ng mga kliyente at komunidad na may kaugnayan sa pag-asa, katatagan, at tagumpay na naabot sa tulong ng *microfinance* at *social development organizations*.

**Pagkilala sa mga Nagwagi**

Ang Best Film Award ay iginawad sa "Ang Teoryang Ako" mula sa K-COOP sa Quezon City, at ito rin ang nagwagi ng Founder's Excellence Award (Local Category), Best Screenplay para kina Mica Superable, Hazel del Bando, at Ajed Mostairo, Best Editing kay Ericson Bulahan, at Best Male Actor in a Leading Role kay John Patrick Bequillo.

Ang Second Best Film ay iginawad sa Balud: Waves of Resilience mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO) sa Cebu, na tumanggap din ng Best Director para kay Eduardo Pacquiao, Best Trailer, at People's Choice Award.

Nakamit naman nh Escaping Poverty: A Story of Muong Woman Supported by TYM mula sa Vietnam ang 3rd Best Film at Best Cinematography. Kabilang din sa mga nanalo ang Victoria mula sa Malvar Senior High School sa Batangas, kung saan nakuha ni Abygail Mirandilla ang Best Female Actor in a Leading Role at ang Young Filmmaker Award para sa CineBughaw Film Production.

Ang Tinapay mula sa People's Alternative Livelihood Microfinance Foundation of Sorsogon Inc. (PALMFSI) ay nag-uwi ng Best Female Actor in a Supporting Role para kay Princess Lasala, Community Development Award for Women's Economic Empowerment, at ang Managing Director's Choice Award mula kay Mr. Aristeo A. Dequito.

Ang Antipara at Libreta mula sa CARD Mutual Benefit Association sa Laguna ay nagkamit ng Best Male Actor in a Supporting Role para kay Paul Kenneth Fordan at ang Community Development Award for Social Transformation.

Tumanggap naman ang Sa PILIng ni Inay ng ASA Philippines Foundation Inc. mula Camarines Sur ng Community Development Award for Resiliency, habang ang Hope in the Tides ng NWTF Project Dungganon mula Negros Occidental ay kinilala sa Community Development Award for Financial Literacy. Ang Seed of Changes mula sa Ekphatana Microfinance Institution sa Laos ay pinarangalan ng Bente Productions Special Distinction Award, habang ang Mingalarbar ng CARD Myanmar Company Ltd. ay nanalo ng Founder's Excellence Award (International Category).

Ang iba pang mga *finalist* ay kinabibilangan ng Sweet Dawn ng Dungganon Bank mula Bacolod City, Puno ng Buhay ng CARD Bank mula Quezon Province, Kabute ng Simbag Microfinance mula Albay, May Ngiti ang Pangarap ng CARD MRI Rizal Bank mula Rizal, A Light in the Shadow ng P3

# KUWENTONG TAGUMPAY

## PAG-IBIG SA LIKOD NG NEGOSYO

*ni Josephine Ramos*



*Si Mylene at Bonifacio Alcazar ay mag-asawa at magkasosyo sa negosyo. Magkasama nilang pinalalago ang kanilang mga negosyo at pangarap, habang pinatitibay ang kanilang samahan.*

Si Mylene Alcazar, 49 na taong gulang, mula sa Quezon Province, ay isang buhay na patunay ng tibay, determinasyon, at pagmamahal na walang kapantay. Sa loob ng 30 taon, katuwang niya sa lahat ng aspeto ng buhay at negosyo si Bonifacio Alcazar, isang samahan na naging mas matibay sa kabila ng mga pagsubok.

Nagsimula ang kanilang kuwento noong 19 na taong gulang si Mylene at 21 naman si Bonifacio. May pangarap si Mylene na makapag-aral sa kolehiyo, ngunit nagbago ang kaniyang landas nang nagpasya silang magpakasal noong 1992. Si Bonifacio ay isang magsasaka, kaya't ang pagsasaka ang naging pangunahing kabuhayan nila. Mula sa perang natanggap nila sa kasal, bumili sila ng tatlong baka at tatlong kalabaw upang simulan ang kanilang maliit na negosyo sa pag-aalaga ng mga hayop. Sa simpleng simula na ito, naitayo nila ang kanilang unang bahay na gawa sa sawali at *plywood.*

Nakitaan ni Mylene ng oportunidad ang pagpapalawak ng kanilang negosyo kaya't nagsimula siyang mag-alaga ng baboy na kalaunan ay naging matagumpay na negosyo.

Habang pinalalago nila ang kanilang negosyo, sabay nilang inaalagaan ang kanilang tatlong anak, hanggang ang mga ito ay lumaki at magkaroon ng kaniya-kaniyang buhay. Ang panganay nila ay nakatira na sa ibang bansa kasama ang sariling pamilya, ang pangalawang anak ay nagtapos ng kursong agrikultura, at ang bunso naman ay kumukuha ng kursong *hospitality management* at nasa ikaapat na taon ng kolehiyo.

Bukod sa pag-aalaga ng hayop, nagtatanim din sila ng gulay sa kanilang lupa tulad ng talong, sili, mais, sitaw, at kamatis. Ngunit tulad ng ibang *seasonal* na negosyo, hindi palaging tuloy-tuloy ang kita mula sa pagsasaka. Dahil dito, noong 2006, nagdesisyon si Mylene na magbukas ng isang maliit na *sari-sari store* bilang karagdagang pinagkukunan ng kita.

Sa parehong taon, naging kliyente si Mylene ng CARD Bank, isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI. Kumuha siya ng kaniyang unang *loan* na PHP 5,000 upang dagdagan ang puhunan ng kaniyang tindahan.

"Kapag nagkukulang kami sa kapital, laging nariyan ang CARD Bank upang tumulong," pagbabalik-tanaw ni Mylene. Sa mga sumunod na taon, kumuha siya ng iba't ibang *loan* mula sa bangko, at ang pinakamalaki rito ay PHP 50,000 na ginamit niya upang palawakin ang kanilang kabuhayan.

Bilang karagdagan sa kanilang mga negosyo, naging konek2CARD *agent* si Mylene sa CARD Bank. Sa ganitong paraan, natutulungan niya rin ang mga kapwa niya kliyente sa mga transaksyon tulad ng pagbili ng *load*, pag-withdraw ng pera, at pagbabayad ng *loan*.

"Medyo malayo ang *branch* at *unit office* mula sa aming lugar, kaya't naging konek2CARD *agent* ako upang makatulong sa mga kapwa ko kliyente na makatipid sa pamasahe," paliwanag ni Mylene. "Kung sila pa ang pupunta roon para mag-withdraw, aabot sa halos PHP 400 ang kanilang gastos."

Marami nang natutuhan si Mylene na mahahalagang aral sa pananalapi mula sa kaniyang mga karanasan. "Kapag kumuha ka ng *loan*, tiyakin mong gagamitin ito nang tama," payo niya. "Sa ganitong paraan, hindi ka mahihirapan sa pagbabayad at mapananatili mo ang tiwala ng bangko sa iyo."

Puno ng pag-asa si Mylene sa hinaharap. Patuloy niyang pinalago ang kaniyang mga negosyo, at layunin niyang paunlarin pa ang kaniyang *sari-sari store*, pati na ang pag-aalaga ng hayop at *piggery*, habang patuloy na sumusuporta sa kaniyang pamilya at komunidad.

"Ang tagumpay ay hindi dumating nang isang iglap," ani Mylene. "Ngunit sa sipag, dedikasyon, at pagmamahal, tiyak na makakamit ito."

# BUKAS para sa LAHAT

## CARD INDOGROSIR, MULING NAGBUKAS NG PITONG BAGONG SANGAY SA LUZON

*ni Harlene Joy Reyes*




Muling nagbukas ang CARD Indogrosir ng pitong bagong sangay sa iba't ibang bayan sa rehiyon, kabilang ang Lucban, Quezon; Morong, Rizal; Rosario, Batangas; Lumban, Laguna; Siniloan, Laguna; Luisiana, Laguna; at Gumaca, Quezon. Ang pagbubukas ng mga sangay na ito ay naganap noong buwan ng Oktubre at Nobyembre 2024.

Patuloy na pinalalawak ng CARD Indogrosir ang kanilang serbisyo upang suportahan ang komunidad, partikular ang *sari-sari store owners,* at tulungan silang makasabay sa kompetisyon sa merkado. Sa pagtutulungan ng CARD MRI at Salim Group, layunin nilang palakasin ang mga maliliit na negosyo habang nagbibigay ng mas abot-kayang mga bilihin para sa komunidad.

Matatagpuan ang mga bagong sangay ng CARD Indogrosir sa 121 A. Racelis Ave., Lucban, Quezon; Gritxl Business Center, JP Rizal St., Lagundi, Morong, Rizal; 124 Barangay Poblacion A, Rosario, Batangas; Maytalang I, Lumban, Laguna; Garcia C5 St., Brgy. P Burgos, Siniloan, Laguna; Mabini Street Zone 8, Luisiana, Laguna ; at T. Tañada Street, Brgy. Rizal, Gumaca, Quezon. Para sa karagdagang impormasyon at mga *update* sa susunod na pagbubukas, bisitahin ang Facebook *page* ng CARD Indogrosir, @CARDIndogrosir.

## SINEMAYA 2024: PAGKILALA...

P2

CARD SME Bank mula Zamboanga, at Litrato ng CARD-MRI Development Institute mula Davao del Norte.

Samantala, napanalunan ng Balud: Waves of Resilience ang People's Choice Award, na ibinoto ng mga kawani, kliyente, at kanilang pamilya mula sa iba't ibang *microfinance institutions,* sa *film showing* sa SM Cinema sa Manila, Cebu, at General Santos noong Nobyembre 23, 2024.

Ang mga pinarangalan ay nakatanggap ng mga tropeyo, sertipiko, mga produkto mula sa Mga Likha ni Inay at CARD Astro Laboratories, pati na rin ng mga *cash prize.*

**Pagpapahalaga sa SineMaya**

Itinatag ang SineMaya noong 2022 upang bigyan ng pagkakataon ang mga kliyente at miyembro ng *microfinance institutions* na ipakita ang kanilang talento sa paggawa ng pelikula. Layunin nitong mailahad ang mga kwento ng komunidad na sumasalamin sa kanilang mga pagsubok, tagumpay, at pag-asa. Ang mga pelikulang ito ay nagsisilbing inspirasyon at gabay upang magtagumpay sa kabila ng mga hamon sa buhay.

Ayon kay Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Founder at Chairman Emeritus ng CARD MRI, "Ang SineMaya ay hindi lang isang plataporma upang ipakita ang mga talento ng ating mga kliyente, kundi isang pagkakataon upang iparating ang kanilang mga kwento ng tagumpay at pag-asa. Ang bawat pelikula ay naglalarawan ng lakas ng loob, pangarap, at ang masiglang hinaharap na bumangon mula sa mga pagsubok."

Ang SineMaya, na pinangunahan ng Bente Productions, isang *multimedia company* ng CARD MRI, ay patuloy na nagsisilbing instrumento para sa pagbuo ng mas malalalim na koneksyon at pagkakaisa sa mga komunidad. Ang *festival* ay nagpapakita ng mga kwento ng lakas, inspirasyon, at tagumpay na umabot sa buong *Southeast Asia.*

Para sa mga *updates,* bisitahin ang *official* Facebook *page* ng Bente Productions: @BenteProdOfficial.

# ANNIVERSERBISYO

PAGGUNITA AT PASASALAMAT

## CARD MRI: 38 TAON NG DEDIKASYON SA SERBISYO AT PAGLABAN SA KAHIRAPAN

*ni Harlene Joy Reyes*

CARD MRI We Are In The Business of Poverty Eradication.

Ipinagdiwang ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang ika-38 anibersaryo nito noong Disyembre 10, 2024, bilang isang grupo ng mga institusyong naglalayong labanan ang kahirapan sa Pilipinas.

Ang CARD MRI ay naglilingkod upang mapabuti ang kabuhayan ng mga kliyente at kanilang pamilya. Layunin nitong gawing aktibong bahagi ng komunidad ang bawat miyembro na tumutulong sa kapwa at sa kalikasan. Sa tulong ng iba't ibang institusyong bahagi nito, sama-sama nilang tinutupad ang misyon na wakasan ang kahirapan sa bansa.

Sa kasalukuyan, ang CARD MRI ay binubuo ng 29 na institusyong lumalaban sa iba't ibang aspeto ng kahirapan. Naglilingkod ito sa mahigit 9.2 milyong kliyente at nakapagbibigay ng seguro sa mahigit 29 na milyong indibidwal hanggang 2023. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang opisyal na *website* nito cardmri.com o sundan ang Facebook *page* nito, @CARDMRIOfficial.

## CARD, INC.: IPINAGDIWANG ANG 38 TAON NG SERBISYO SA MICROFINANCE

*ni Harlene Joy Reyes*

CARD Inc. A Microfinance NGO

Ipinagdiwang ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) ang kanilang ika-38 taong anibersaryo ng pagbibigay serbisyo sa komunidad noong Disyembre 10, 2024.

Ang CARD, Inc. ang pangunahing institusyon ng CARD MRI, na itinatag noong 1986 mula sa pangarap na mapataas ang antas ng pamumuhay ng pamilyang Pilipino. Mula sa mapagkumbabang simula, ito ay lumago at kinilala sa larangan ng *microfinance* sa Pilipinas. Patuloy nitong isinusulong ang layuning maabot ang mas maraming sambahayan sa pamamagitan ng mga serbisyong pinansyal, kasabay ng pagtugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga miyembro at kliyente ng CARD MRI.

Ayon sa datos noong Setyembre 30, 2024, ang CARD, Inc. ay naglilingkod sa 2,958,190 kliyente at mayroong outstanding *loan portfolio* na PHP 16,140,411,085. Patuloy nitong ipinapakita ang dedikasyon sa pag-abot ng mas marami pang Pilipino sa higit 1,700 opisina sa iba't ibang bahagi ng bansa. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang opisyal na *website* nito sa @cardmri.com/cardinc at sundan ang Facebook *page* nito, @CARDIncOfficial.




SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Roxanne Faye O. Aruta
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*

## HALINA'T MATUTONG GUMAWA NG PANDESAL KASAMA SI NANAY LUCILA!



Si Lucila T. Uyamot, isang kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) mula sa General Santos City, ay lumaki sa isang malaking pamilyang may sampung magkakapatid. Bata pa lang, likas na sa kaniya ang pagiging negosyante. Noong 2017, sinimulan niya ang kaniyang panaderya. Sa loob ng tatlong buwang pagsasanay sa isang lokal na panadero, natutuhan niya ang paggawa ng iba't ibang uri ng tinapay, kabilang ang pandesal.

Sa tulong ng *loan assistance* mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO), nabili ni Nanay Lucila ang mga kinakailangang sangkap at kagamitan para sa panaderya. Unti-unti niyang napalago ang negosyo at nakapagsuplay ng tinapay sa mahigit 10 tindahan. Malaki rin ang naging kontribusyon ng kaniyang mga anak, na tumulong sa paghahatid ng tinapay, dahilan upang mas lalo pang umunlad ang kanilang panaderya.

Ngayon, ibinabahagi ni Nanay Lucila ang kaniyang kaalaman sa paggawa ng pandesal para sa mga nais matuto:

**Mga Sangkap at Materyales na Kailangan:**

- Harina
- Puting *Margarine*
- Itlog
- Asukal
- *Vanilla Extract*
- Asin
- *Yeast*
- Tubig
- *Evaporated Milk*
- Palanggana
- Tela o *Plastic*
- *Baking Tray*
- *Oven*

**Proseso na Paggawa:**

1. Sa isang malinis na mangkok, pagsamahin ang harina, puting *margarine*, itlog, asukal, *vanilla extract,* asin, at *yeast*. Haluin nang mabuti hanggang mapagsama-sama ang mga sangkap.
2. Dahan-dahang idagdag ang tubig at *evaporated milk* habang patuloy na hinahalo hanggang makuha ang tamang *consistency* ng masa.
3. Masahin ito gamit ang kamay sa loob ng 8-10 minuto. Siguraduhing hindi ito masyadong basa o matigas. Magdagdag ng kaunting harina kung kinakailangan upang mas maging maganda ang *texture*.
4. Hatiin ang masa sa maliliit na piraso at ihugis itong pabilog o pahaba, tulad ng pandesal.
5. Ibalot ang masa gamit ang basang tela o plastik at hayaang magpahinga nang 1-1.5 oras o hanggang magdoble ang laki.
6. Ilipat ang mga pandesal sa *baking tray*. I-pre-heat ang *oven* sa 180°C at i-bake ang mga ito sa loob ng 15-20 minuto o hanggang maging *golden brown* ang kulay.
7. Kapag luto na, alisin sa *oven* at palamigin nang bahagya. Ihain habang mainit!

**Tip mula kay Nanay Lucila:** Ang sikreto sa masarap na pandesal ay pagmamahal at pasensya. Masahin ito nang maayos at hayaang umalsa nang sapat!


# CROSSWORD PUZZLE

Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kuwento at impormasyon mula sa Sulong 11 bilang 12 at manalo ng **PHP 100 load** via konek2CARD!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala via private message sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc**, kasama ng iyong buong pangalan, pangalan ng CARD center, institusyon, at cellphone number.

Pipili tayo via e-raffle ng sampung (10) entries na may tamang sagot hanggang **Enero 31, 2025** at sila ang makatatanggap ng papremyo.



**Pababa:**

1. Maliban sa Manila City at Cebu City, saan pang lungsod inilunsad ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang SineMaya 2024 Film Showing noong Nobyembre 23, 2024?
2. Patuloy na pinalalawak ng CARD _________ ang kanilang serbisyo upang suportahan ang komunidad, partikular ang sari-sari store owners, at tulungan silang makasabay sa kompetisyon sa merkado.
5. Ito ay isang uri ng tinapay na negosyo ni Lucila T. Uyamot mula sa General Santos City, isang kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO).

**Pahalang:**

3. Ito ay isang film festival na inilunsad ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) at ang kauna-unahang community film festival sa Pilipinas na nakatuon sa mga kliyente ng microfinance.
4. Ito ang pangunahing institusyon ng CARD MRI na itinatag noong 1986 mula sa pangarap na mapataas ang antas ng pamumuhay ng pamilyang Pilipino.
6. Ito ay itinatag noong 1986 upang mapabuti ang kabuhayan ng mga kliyente at kanilang pamilya. Layunin nitong gawing aktibong bahagi ng komunidad ang bawat miyembro na tumulong sa kapwa at sa kalikasan. Sa tulong ng iba't ibang institusyong bahagi nito, sama-sama nilang tinutupad ang misyon na wakasan ang kahirapan sa bansa.
7. Ito ang bagong insurance product na ilulunsad ng CARD Clinics at MI Healthcare bilang bahagi ng kanilang partnership para sa mga kliyente ng CARD MRI, kung saan makukuha ito sa pamamagitan ng loan na may kasamang diskwento para sa mga senior citizen, PWD, at iba pang kwalipikadong sektor.
8. Nagsagawa ng _______________ ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) upang tulungan ang mga kliyente at kanilang pamilya naapektuhan ng mga kalamidad ngayong taon.
9. Anong bangko ng CARD MRI naging kliyente si Mylene Alcazar mula sa Quezon Province na may mga negosyo sa pagsasaka, piggery, at sari-sari store?

## SULONG COMICS

